

Inuyama Multilingual News

Publishing•Editing:

Inuyama International Association

Petsa ng paglathala : 2022.10.21

Bersiyong Tagalog (No. 5)



Mr. Tran Van-Ha
Nasyonalidad : Vietnamese
Status residence : Technician
Dumating sa Japan Taong 2014
Trabaho: manufacturing (Acting Chief)



Pakikipag-ugnayan sa lokal na komunidad sa pamamagitan ng Pagtatanim ng mga gulay sa inabandonang lupang sakahan!

Mga dahilan ng pagsisimula ng negosyong pagsasaka : Naisip ko noon na sayang ang napakaraming mga abandonang bukid sa paligid ng aking tahanan dahil sa pagtanda ng populasyon. Iniisip ko na gusto kong magtanim at magpalaki ng mga gulay kaysa hayaan lamang na matabunan ng mga damo ang mga lupaing ito. May karanasan ako sa agrikultura sa sarili kong bansa, kaya inupahan namin ng walang bayad ang sakahan sa isang miyembro ng konseho na nakatira malapit sa abandonadong bukid, at ngayon ay nagtatanim ako ng mga gulay kasama ang aking asawa. Minsan sa isang buwan ay bumibisita kami sa may ari ng bukid upang batiin at magdala ng mga inaning mga gulay sa loob ng isang buwan at para iulat din ang mga katayuan sa mga pagtatanim. Bumili din ako ng second hand na tractor. Ang bukirin ay nahahati sa tatlong lokasyon, na may kabuuan na nililalang humigit-kumulang 160 metro kuwadrado. Marami pa ring abandonadong bukirin sa paligid at sayang naman ang mga ito, kaya kung gustong makisali sa pagsasaka ng mga kapwa ko na Vietnamese. sa aking palagay ay kailangan munang bumuo ng tiwala at kumpiyansa sa pakikipag-ugnayan sa may-ari ng bukid upang makarenta.

Upang bumuo ng isang mapagkakatiwalaang relasyon : Sa kaso ko, noong una ay umupa ako ng isang bahagi ng isang bukid na pag-aari ng isang miyembro ng konseho ng lungsod na kakilala ko, at nilalang ko ito ng maayos at madalas kong binubunot ang mga damo upang mapanatiling malinis at maayos ito. Naniniwala ako na ang mga may-ari ng abandonadong bukirin sa paligid ay nagtiwala sa amin pagkatapos na makita ang aming kakayahan.

Ang mga tanim na gulay: Mayroong mahigit na 15 uri ng mais, kabilang ang white corn, MONTOL (tsurumurasaki), at KUUSHINSAI (kadalasang kinakain ng mga Vietnamese), lemongrass, mani, kamote at kalabasa. Bukod sa sila rin ang kumakain ng gulay na itanim, kumakain rin nito ang may-ari ng lupain at mga kapit-bahay na halos 20 pamilya.

Magandang bagay tungkol sa pagsisimula ng pagsasaka : Walong taon na ang nakalipas mula nang dumating ako sa Japan, at noon pa man ay gusto kong manirahan sa Japan ng pangmatagalan.

Ang Vietnam at Japan ay may iba't- ibang kaugalian sa pagkain, kaya naisip ko ang lasa ng aking sariling bansa at nais kong magtanim ng gusto kong pagkain hangga't maaari. nagpapasalamat ako sa may ari ng bukid sa pagpapahiram ng lupa dahil sa nakakapagtanim kami ng sari-saring gulay at napapalalim namin ang relasyon sa mga taong nakapaligid sa amin.

Ang simula at paglaganap ng agrikultura. : Lumalaki ang interes sa epektibong paggamit ng abandonadong lupang sakahan upang magamit ito sa agrikultura. Nakikipag-ugnayan din kami sa mga nakapaligid na residenteng Hapones .

Mensahe sa mga dayuhang residente sa Japan : Saan man tayo nakatira, naniniwala ako na magiging mas madali ang manirahan sa Japan kung susundin ang mga patakaran at hindi makakasagabal sa mga taong nakapaligid sa atin.

Mensahe sa mga Hapones : Bilang isang dayuhan, may mga bagay na hindi ko naiintindihan, at kung magdulot ito ng anumang abala dahil sa pagkakaiba ng kultura, ako ay lubos na magpapasalamat ito sa inyong ipaalam sa akin.

<Komento mula sa Gakuden na si Mr. Shintaro Suzuki>

Ang dami ng inabandonang bukirin sa Inuyama ay humigit-kumulang 6.3 ektarya noong 2021. Ang isa sa mga sanhi nito ay ang pagtanda ng populasyon, ang kawalan ng angkop na mga tao upang pangalagaan ang lupain, at ang pagtaas ng pinsalang dulot ng mga baboy-ramo. Gayunpaman, ako ay nagpapasalamat sa mga taong tulad ni Mr. Ha, pareho kaming nakinabang sa kanya-kanya naming naging pagsusumikap. Naging malapit rin ang distansya sa pagitan ng aming mga puso.

Ang mga lokal na senior citizen ay naging mas bukas na makipag-usap sa amin, at nararamdaman ko na ang mga hadlang ng nasyonalidad at kultura ay unti-unting nawawala.

Mayroong isang lugar kung saan ang lahat ay maaaring mag-isip nang sama-sama tungo sa paglikha ng isang bayan kung saan ay maaaring mamuhay ang lahat nang komportable.



Ang Inuyama International Exchange Association (IIA) ay nagtataglay ng "Multicultural Chat Club - Online" minsan sa isang buwan sa loob ng isang oras gamit ang ZOOM.

*Mga taong gustong makipagpalitan ng opinyon sa iba

*Mga taong gustong makipag-usap sa iba gamit ang Japanese

Kahit hindi masyadong marunong magsalita ng Hapon ay ayos lang!

Susunod na petsa: 2022.12.17 (Sabado), 7:30PM~8:30PM

***Kahit sino ay maaaring lumahok.**

Sama-sama tayong mag-isip gamit ang wikang hapon.

※Aplikasyon : <https://forms.gle/cLmM8LAJmsozaQVB8>

※Ang mga residenteng Hapones na naninirahan malapit sa Inuyama City ay tinatanggap din na makilahok.

※ Kami ay nangangalap ng mga impormasyon tungkol sa kung ano ang inyong mga kwento o storya .

Mangyaring sabihin sa amin ang tungkol sa inyong "mga kahirapan," "mga pagsisikap," at "mga bagay na ○○ na higit pa. <https://forms.gle/oDoEK8kyypxFmbQ9>



<Mga nakaraang paksa>

Mga asal o ugali sa aking bansa,"

"Ang mga sinasabi sa akin ng aking mga magulang, guro at matatanda sa paligid ko noong bata pa ako at iba pa.



Shakeout training (kunren) (Exhibit : The Great Japan ShakeOut)

May lindol ang Japan. Hindi natin alam kung kailan magaganap ang lindol. Hindi rin natin alam kung saan tayo lulugar kapag may lindol. Maaaring nasa bahay ka, sa paaralan, sa trabaho, o nasa bakasyon. Upang mabilis na makapag-react sakaling magkaroon ng emergency, mahalagang magsanay ng "Shakeout Training" nang regular. Kung ikaw ay nasa loob ng bahay, kumuha ng 1-2-3 una sa lahat nakaba "Manatiling mababa, protektahan ang iyong ulo, at huwag gumalaw". Pagkatapos, manatiling tahimik at huwag gumalaw hanggang sa huminto ang pagyanig. Kung may lindol habang nasa labas ka ng bahay, maghanap muna ng lugar na malayo sa mga gusali, puno, poste ng telepono, at linya ng kuryente, at gumawa ng mga hakbang na 1-2-3 upang matiyak ang iyong kaligtasan. Manatili sa kinaroroonan mo hanggang sa tumigil ang pagyanig. Kung may posibilidad ng tsunami, Sa sandalling huminto ang pagyanig, lumikas kaagad sa kalapit na lugar hangga't maaari.



Ipinakilala ang isang taong nagsikap ng nag-aaral na mabuti sa Inuyama Japanese Language Class!



Mr. U Koutei,
Nasyonalidad: Intsik,
Dumating ng Japan:
December 2020,
Trabaho: Painting,
Status of Residence:
Technical intern.



Ang dahilan kung bakit ako napunta sa Japan, ay dahil ito ay isang bansa na malapit ang distansiya at kultura. Sa aking bansa sa Tsina, mula noong bata pa ako, ay lagi na ako nanonood ng Japanese anime sa telebisyon. Pinanood ko ang Conan, Naruto, Doraemon, Crayon Shinchan, at marami pang iba. Pagdating ko sa Japan, binisita ko rin ang Tottori Prefecture, kung saan matatagpuan ang creator ni Conan, ang hometown museum ni Masashi Aoyama. Gusto ko rin ang mga mystery novel, at binabasa ko ang mga nobela ni Keigo Higashino na isinalin sa wikang intsik. Sa kumpanya, ay may mga nakakatandang empleyadong Intsik mula sa tsina na nagturo sa akin kaya naman wala akong naging problema. Gusto kong mag-aral ng mabuti ng Nihongo at magtrabaho sa Japan ng mahabang panahon.

<Komento mula sa volunteer in charge, Masaru Zenmoto>

Palagi siyang maraming naisusulat at nag-aaral na mabuti. Higit pa rito, Ang higit na kahanga nga ay lagi silang handa at maagang dumarating kaysa sa oras ng simula ng klase. Gusto namin tugunan ang kanilang damdaming ito. Mukhang mababait din sa kanya ang mga amo niya sa kumpanya, at marahil dahil sa pagsusumikap niya ay natural na gustong suportahan siya ng mga taong nakapaligid sa kanya.

Mag-ingat sa 「Heat stroke」 ! (Eksibit : SUNTORY BEVERAGE SOLUTION CO.)

Ang init sa Japan ay masyadong mainit ang temperatura at mahalumigmig, at maraming tao ang maaaring hindi sanay dito. Narinig mo na ba ang salitang "heat stroke"? Ang Heat stroke" ay isang kondisyon kung saan tumataas ang temperatura ng katawan ng tao, na nagiging sanhi ng kawalan ng balanse ng tubig, at ng nilalamang asin ng katawan o kaya naman ay pagkawala ng function ng regulasyon ng temperatura ng katawan. Ang sakit na ito ay nagdudulot ng iba't ibang sintomas tulad ng pagtaas ng temperatura ng katawan, pagkahilo, pamumulikat, pananakit ng ulo, at iba pa. Para maiwasan ang heat stroke, mahalagang sundin ang mga sumusunod.



1. Lumayo sa mga maiinit na lugar.



2. Madalas uminom ng maraming tubig.



3. Magpahinga kapag napapagod



Ang panayam sa language instructor

Mayroong native speaker na guro na magtuturo sa language course na isasagawa sa Inuyama International Association. Ang mga wika ay, Ingles (English communication), Hangle (Korean), Espanyol, Aleman (German), Intsik, Portuges at Pranses (French).
Sa pagkakataong ito, maririnig natin si Ms. Debora Kawase sa wikang Portuges.

- ◆Lugar ng kapanganakan: Parana Brazil
- ◆Dumating sa Japan: 2003 (19 taon na ang nakararaan)
- ◆**Ang Portuguese language course:** Sa kursong ito ay hindi lamang wikang Portuges, makikilala rin ang kultura at tradisyon ng bansang Brazil. Sa pagkilala sa kultura at tradisyon ay mapapalalim ang pang-unawa sa wika. Hindi lamang Samba at carnival ang mayroon sa Brazil, marami itong magandang katangian na nais maipalam sa lahat at sana ay makabisita rin kayo sa bansang Brazil. Nais mo bang dumalo sa Portuguese language course na ito?
- ◆**Ano ang ikinagulat pagdating sa bansang Japan:** Ang Japanese-style toilet at bathtub. Sa Brazil ay walang bathtub, sa 1 kwarto ay pangkaraniwan ng magkasama ang shower at western-style toilet.
- ◆**Ano ang naging malaking suliranin nang dumating sa bansa:** Hindi ako marunong mag-nihongo.
- ◆**Paano nag-aral ng nihongo?:** Nag-aral ako sa sariling pagsisikap. Mayroon akong N2 sa kasalukuyan.
- ◆**Ano ang wikang ginagamit sa bahay?:** Nang dumating ako sa Japan ay Portuges. Sa kasalukuyan ay 80% Nihongo. Ang 2 kong anak ay isinilang sa Japan, tinuruan ko sila ng Portuges upang makaya nilang makipag-usap ng direkta sa mga kamag anak kapag umuwi kami sa Brazil. Marunong sila ng Nihongo at Portuges.
- ◆**Ano ang pinakamalaking suliranin sa paninirahan sa Japan?:** Mahal ang mga bilihin. Pati na rin ang mataas na matrikula at admission fee sa pagpasok sa kolehiyo ng anak ko, hindi ko nauunawaan ang mga sistema sa bansa kaya nahirapan ako.
- ◆**Ano ang nais mong gawin dito sa Japan?:** Gusto kong maglakbay. Nais kong bisitahin ang iba't-ibang lugar dito sa Japan. Lalo na ang Hiroshima na gusto kong marating.



Mga alituntunin sa pagbibisikleta

Eksibit: Aichi Prefectural Police Headquarters

Sa Aichi Prefecture, nagsagawa ng bagong alituntunin sa paggamit ng bisikleta upang mabawasan ang aksidente sa trapiko na kinasasangkutan ng mga bisikleta.

※Sa paggamit ng bisikleta, kinakailangan magsuot ng helmet ang adulto at bata.



Mayroong nagbubuwis ng buhay dahil tumama ang ulo nila sa oras ng aksidente sa pagbibisikleta. Proteksiyunan ang inyong buhay sa pamamagitan ng pagsusuot ng helmet.


※Ang lahat ng mga gagamit ng bisikleta ay kinakailangang mag enroll sa “bicycle insurance”.



Kung magkaroon ng aksidente sa pagbibisikleta, malaking halaga ng salapi ang maaaring gugulin dito. Kaya ipinapayong mag-enroll sa bicycle insurance.

May isang lugar na maaaring makipag-ugnayan sa isa't isa habang sinusubukan ang ilang bagay. Kahit hindi masyadong marunong ng Nihongo ay maaaring magtungo dito.

Sa Inuyama International Association, mayroong Multicultural Exchange event sa bawat taon, kung saan magkakasama ang mga residenteng banyaga at lokal na residente. Ipinakilala ang ilan sa mga event na ito.



Inuyama Hiking (2021.10)
(Nagtungo sa Inuyama Castle)



Multicultral Exchange Café
(2022.02)
(pagkatapos sumubok ng Japanese calligraphy, pinag-usapan ang mga tradisyonal na laro at kultura ng bawat bansa.)



Cooking course ng iba't-ibang bansa (2022.07)
(Magkasamang nagluto ng Vietnamese at Japanese food)



Multicultral Exchange Café
(2022.08)
(Naranasan ang tradisyonal na tea ceremony, at tinalakay ang kultura ng tsaa ng bawat bansa.)

*Sa susunod Inuyama Hiking:
2022.11.27 (Linggo),
ala-1:00 ng tanghali,
Freude, magtitipon sa
entrance ng pasilidad.

※Para sa detalye, tiyakin
sa home page

**Marami pang event ang binubuo para sa taong ito.
Para sa detalye, tiyakin sa home page at Facebook page ng
Inuyama International Association.**

Home Page <http://iiea.info>



I-search ang 「Inuyama International Association」 Facebook page.



Tayo'y manood ng balita sa madaling Nihongo!

Sa internet o Facebook, maaaring makapanood o makapakinig ng balita sa madaling Nihongo. Silipin nating minsan ang mga link sa ibaba.

◆NEWS WEB EASY (NHK): [NEWS WEB EASY \(nhk.or.jp\)](https://www.nhk.or.jp/news/easy/)

◆やさしい日本語ニュース/With news 朝日新聞 (madaling balita sa Hapon/With news)

[やさしい日本語ニュース/withnews・朝日新聞 | Facebook](#)



Ang *Sadou*, o tea ceremony ay isa sa tradisyonal na kultura ng mabuting pakikitungo, maghahandog ng 1 tasa ng tsaa sa mga panauhin.

Paghahandaang mabuti at buong pusong pauunlakan ang mga bisita upang sila ay masiyahan. Sa mga iinom ng tsaa, natural nang makakaramdam ng pagpapasalamat. At ito ang magiging daan sa magandang pakikipag-ugnayan.



Ang masayang Japanese Onomatopoeia!

Alam ba Ninyo kung ano ang Onomatopoeia? Ito ay ang mga salitang nagpapahiwatig ng situwasyon at galaw. Kung matututunan ang Japanese Onomatopoeia, mas magiging masaya ang pakikipag-usap. Atin itong gamitin!

Paku-paku



Nagpapahiwatig ng pagkain nang mabilis.

Gera-gera



Nagpapahiwatig ng pagtawa ng malakas.

Pota-pota



Nagpapahiwatig ng tunog ng pagpatak ng tubig,

Gyu-gyu



Nagpapahiwatig ng pagsisiksikan.

Inuyama Multilingual News in English Published by Inuyama International Association

〒484 - 0086 Aichiken Inuyama-shi Matsumoto-cho 4-21 Inuyama Community Center 『Freude』

TEL: (0568) 48-1355 FAX: (0568) 48-1356 HP: <http://iiea.info> E-mail: iia@grace.ocn.ne.jp

Volunteer Translation Team Members:

English: Kusakabe Kazuro, Shibata Atsuyuki, Yasumura Megumi, Uchimura Hidetomo, Steve McGuire

Spanish: Tawara Carlos, Ruiz Bulnes Ricardo Arturo, Saeki Liliana

Portuguese: Yara Marcos, Akagi Kazunori, Akagui Mitsue, Yoshida Gisele

Chinese: Harita Misako, Ten Ru, Sun Jiao, Yang Liya, Ozawa Tsutomu

Vietnamese: Pham Thi Nhu Hau, Tran Van-Ha

Tagalog: Higuchi Marita, Kawasaki Maria